

Stanford Health Care – ValleyCare Patakaran as Buong Ospital	Petsa ng Huling Pag-apruba: Agosto 2020
Pangalan ng Patakaran: Pangongolekta ng Utang	Seksyon at Numero ng Patakaran: Pananalapi #40
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	Pahina 1 ng 4



I. Layunin:

Ang layunin ng Patakaran ay sumunod sa at magbigay ng impormasyon tungkol sa paniningiol at pagkoletka ng utang ng pasyente, alinsunod sa California Health and Safety Code, sa Federal Patient Protection and Affordable Care Act, at sa mga patakaran at kagawian ng Stanford Health Care – ValleyCare (SHC-VC).

II. Patakaran:

Sa interes ng pagtataguyod ng pinansyal na estabilidad at pagtitipid ng mga mapagkukunan para sa pangangalaga para sa mahihirap, layunin ng Patakarang ito na magbigay ng malilinaw at naaayong alintuntunin para sa pagsasagawa ng mga gawain sa paniningil at pagkolekta sa SHC-VC sa paraang magtitiyak na makokolekta ang mga utang ng mga Guarantor para sa mga medikal na serbisyong ibinibigay ng SHC-VC sa paraang nagtataguyod ng pagsunod sa batas, kasiyahan ng pasyente, at kahusayan.

III. Mga Kahulugan:

- A. Hindi Pangkaraniwang Pagkilos sa Pagkolekta (Extraordinary Collection Action, ECA): Sa ilalim ng Internal Revenue Code 501(r), ang isang Hindi Pangkaraniwang Pagkilos sa Pagkolekta ay isang pagkilos na maaaring isagawa ng isang ospital laban sa isang indibidwal upang makakuha ng bayad para sa isang singil para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan an ibinibigay sa indibidwal at sinasaklaw sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa SHC-VC. Sa mas partikular, ang bawat isa sa mga sumusunod ay ECA:
1. Pagbebenta ng utang ng isang indibidwal sa isang third party;
 2. Pag-uulat ng nakakasamang impormasyon tungkol sa isang indibidwal sa isang ahensya ng pag-uulat ng credit ng consumer credit o kawanihan ng credit;
 3. Pagpapaliban o pagtanggap sa medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad ng isang indibidwal ng isang singil para sa dating ibinigay na pangangalagang kwalipikado para sa pagsaklaw sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC.
 4. Pangangailangan ng pagbabayad bago magbigay ng medikal na kinakailangang pangangalaga dahil sa mga hindi nababayaran singil para sa dating ibinigay na pangangalagang kwalipikado para sa pagsaklaw sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC.
 5. Pagpapataw ng lien sa ari-arian ng isang indibidwal;
 6. Pagreremata ng real na pag-aari ng isang indibidwal;
 7. Pagkuha o pagkumpiska ng account sa bangko o iba pang personal na ari-arian ng isang indibidwal;
 8. Pagdudulot ng pag-aresto sa isang indibidwal;
 9. Pagsisimula ng sibil na pagkilos laban sa isang indibidwal o pagkuha ng pag-aatas ng pagkuha; at
 10. Hindi pagbibigay ng sahod ng isang indibidwal.
- B. Tulong Pampinansyal: Tulong na ibinibigay sa mga pasyenteng magigipit kung magbabayad nang buo sa mga inaasahang gastusin mula sa sariling bulsa para sa mga Medikal na Kinakailangang Serbisyo (ayon sa tinutukoy ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC) na ibinibigay ng SHC-VC at nakakatugon sas pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa nasabing tulong.

Stanford Health Care – ValleyCare Patakaran as Buong Ospital	Petsa ng Huling Pag-apruba: Agosto 2020
Pangalan ng Patakaran: Pangongolekta ng Utang	Seksyon at Numero ng Patakaran: Pananalapi #40
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	Pahina 2 ng 4



Ang Tulong Pampinansyal ay Pangangalagang Pangkawanggawa, na higit pang inilalarawan sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC.

- C. Patakaran sa Tulong Pampinansyal (Financial Assistance Policy, FAP) – Isang hiwalay na patakarang naglalarawan sa programa sa tulong pampinansyal ng SHC-VC – kabilang ang pamantayang kailangang matugunan ng mga pasyente upang maging kwalipikado para sa tulong pampinansyal, pati na rin ang proseso kung paano dapat mag-apply ang mga indibidwal para sa tulong pampinansyal. Libreng makukuha ang Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC sa departamento ng emergency o mga lugar sa pagpapaospital ng SHC-VC, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa departamento ng Pagsingil ng Serbsiy sa Custommer sa (800) 549-3720 o online sa: www.stanfordhealthcare.org/financialassistance.
- D. Guarantor: Para sa mga layunin ng Patakarang ito, ang indibidwal na may pinansyal na pananagutan sa pagbabayad ng balanse sa account. Ang Guarantor ay maaari o maaaring hindi ang pasyente.

IV. **Pamamaraan:**

- A. Maniningil ang SHC-VC ng bayad para sa mga utang para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay ng SHC-VC, kabilang ang pagtatalaga ng mga hindi nabayarang halaga tulad ng mga utang na hindi na masisingil at pagtatalaga ng mga naturang halaga sa koleksyon, alinsunod sa patakaran at mga pamamaraan ng SHC-VC gaya ng nakabuod sa Patakarang ito. Isasagawa ang mga pagkilos sa pagkolekta sa pagpapasya ng SHC-VC alinsunod sa patakarang ito, at susunod ito sa mga nauugnay na pang-estado at pederal na batas at regulasyon kaugnay ng pagkolekta ng utang na hindi na masisingil.
- B. Kasalukuyang hindi nagsasagawa ang SHC-VC ng anumang ECA gaya ng tinutukoy sa itaas sa Seksyon III.A.
- C. Kwalipikado para sa paglalagay sa ahensya sa pagkolekta ang lahat ng balanse ng account ng pasyente na tumutugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod na pamantayan:
1. Gumawa ang SHC-VC ng masususing pagsisikap upang ipaalam sa mga pasyente ang tungkol sa kanilang mga pinansyal na responsibilidad at sa mga makukuhang opsyon sa tulong pampinansyal, at nagtangka itong mangolekta ng bayad gamit ang makakatuwirang pagsisikap sa pagkolekta gamit ang mga billing statement, nakasulat na pakikipag-ugnayan, at pagtawag sa telepono.
 2. Gumawa ang SHC-VC ng makakatuwirang pagsisikap upang matukoy ang pagiging kwalipikado ng isang pasyente para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC.
 3. Gumawa ang SHC-VC ng makakatuwirang pagsisikap na magpadala ng hindi bababa sa apat (4) na statement sa Guarantor pagkalipas ng petsa ng pagpapalabas mula sa outpatient o inpatient na pangangalaga, na may pinal na 10 araw na abiso na lalabas sa ikaapat na statement sa Guarantor, na nagsasaad ng halagang maaaring ilagay sa isang ahensya sa pagkolekta. May kabilang na abiso ang lahat ng billing statement tungkol sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC.
 4. Kwalipikado ang account na may status na “Return Mail” para sa pagtatalaga sa pagkolekta kapag naidokumento at nagawa na ang lahat ng pagsisikap nang may magandang loob upang tumukoy ng wastong address.

Stanford Health Care – ValleyCare Patakaran as Buong Ospital	Petsa ng Huling Pag-apruba: Agosto 2020
Pangalan ng Patakaran: Pangongolekta ng Utang	Seksyon at Numero ng Patakaran: Pananalapi #40
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	Pahina 3 ng 4



- D. Kung ang pasyente ay kasalukuyang may mga account sa mga hindi pa nalulutas na balanse sa utang na hindi na masingil, may karapatan ang SHC-VC na padalhan ang iba pang bukas na account ng mga balanse ng pasyente sa mga koleksyon nang mas maaga.
- E. Sususpindihin ng SHC-VC ang anuman at lahat ng pagkilos sa pagkolekta, kung makakatanggap ito ng nakumpletong Aplikasyon sa Tulong Pampinansyal, kabilang ang lahat ng kinakailangang pansuportang dokumento.
- F. Kung magpapasya ang SHC-VC na kwalipikado ang isang pasyente para sa tulong sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa, at nagbayad ang Guarantor sa SHC-VC ng higit pa sa halagang dapat bayaran mula sa isang kwalipikadong pasyente, ire-refund ng SHC-VC ang halagang ibinayad nang sobra sa SHC-VC kasama ang interes sa rate na ibinigay sa Seksyon 685.010 ng Code of Civil Procedure mula sa petsa ng pagtanggap ng SHC-VC ng sobrang bayad. Sa kabila ng nabanggit, kung ang sobrang halagang ibinayad ng Gurantor ay \$5.00 o mas mababa, hindi ire-refund ng SHC-VC ang sobrang bayad o hindi ito magbabayad ng interes, ngunit bibigyan nito ang kwalipikadong pasyente ng credit sa ospital sa sobrang halagang ibinayad sa loob ng 60 araw mula sa petsa kung kailan dapat bayaran ang halaga.
- G. Gaya ng isinaad sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal na Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC-VC, maaaring maging kwalipikado ang isang pasyente para sa pinalugit na plano sa pagbabayad na walang interes para sa anumang bayarin mula sa sariling bulsa. Isasaalang-alang ng plano sa pagbabayad ang kita ng pasyente at ang utang na halaga.
- H. Kung hindi sasang-ayon ang Guarantor sa balanse sa account, maaaring hilingin ng Guarantor na saliksikin at patunayan ang balanse sa account bago italaga ang account sa isang ahensya sa pagkolekta.
- I. Maaaring bawiin at ibalik sa SHC-ang mga account sa ahensya ng pagkolekta sa pagpapasya ng SHC-VC at/o alinsunod sa mga pang-estado o pederal na batas at regulasyon. Maaaring makipagtulungan ang SHC-VC sa Guarantor o sa isang third party upang malutas ang mga account kung kinakailangan, o maaari nitong ilagay ang mga account sa ibang ahensya sa pagkolekta.

V. Pagsunod:

- A. Ang lahat ng manggagawang miyembro kabilang ang mga empleyado, nakakontratang kawani, estudyante, boluntaryo, medikal na kawaning may kredensyal, at indibidwal na kumakatawan o kasali sa kagawian sa SHC-VC ay may responsibilidad sa pagtiyak na sumusunod ang mga indibidwal sa patakarang ito;
- B. Ang mga paglabag sa patakarang ito ay iuulat sa Department Manager at sa iba pang naaangkop na Departamento na tutukuyin ng Department Manager o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang pagpasyahan ang katangian, hangganan, at potensyal na panganib sa ospital. Ang mga manggagawang miyembro na lalabag sa patakarang ito ay mapapailalim sa naaangkop na kaparusahan hanggang sa at kabilang ang pagsibak.

VI. Mga Kaugnay na Dokumento

Wala

VII. Mga Appendix:

Wala

Stanford Health Care – ValleyCare Patakarang as Buong Ospital	Petsa ng Huling Pag-apruba: Agosto 2020
Pangalan ng Patakarang: Pangongolekta ng Utang	Seksyon at Numero ng Patakarang: Pananalapi #40
Mga Apektadong Departamento: Lahat ng Departamento	Pahina 4 ng 4



VIII. Impormasyon ng Dokumentong

- A. Mga Legal na Sanggunian / Panregulatoryong Kinakailangan:
 1. California Health and Safety Code 127400-127462 kung naaangkop.
 2. Federal Patient Protection and Affordable Care Act, Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at mga regulasyon sa ilalim nito.
- B. May-ari ng Patakarang/Petsa ng Kasaysayan:
 1. 01/2020 Kristine Grajo, Director, Self-Pay Management Office
- C. Mga Kinakailangan sa Distribusyon at Pagsasanay:
 1. Itinalaga ang patakarang ito sa Mga Patakarang sa Buong Ospital ng Stanford Health Care – ValleyCare.
 2. Ipapamahagi ang mga bago at nirebisang dokumentong sa lahat ng naapektuhang empleyado at ipapaskil ang mga ito ng lahat ng miyembro ng kawani kung saan makukuha ang mga ito.
- D. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pag-renew:
 1. Susuriin at/o irerebisa ang Patakarang ito bawat tatlong taon o ayon sa pangangailangan ng pagbabago sa batas o kagawian.
- E. Kasaysayan ng Pagbabago at Pagrerebisa
 1. Abril 2020, Andrea M. Fish, Office of General Counsel, Kristine Grajo, Director Self-Pay Management Office
- F. Mga Pag-apruba:
 1. 04/2020 Andrea M. Fish, Office of General Counsel
 2. 04/2020 Kristine Grajo, Director Self-Pay Management
 3. 08/2020 Policy Steering Committee

“Ginawa ang dokumentong ito upang gamitin ng mga kawani ng Stanford Health Care – ValleyCare. Walang pagsasaad o pagpapatunay ang isinasagawa para sa paggamit sa labas. Hindi ito maaaring gawan ng kopya o ilathala sa labas ng kumpanya nang walang pahintulot.”